

Bagong Pambansang Istratehiya sa Kapansanan

Ano ang dapat nakapaloob dito?

Mga tanong upang iyong pag-isipan

Easy Read na bersyon (Madaling Basahing bersyon)

Paano gagamitin ang dokumentong ito

Isinulat ng Pamahalaan ng Australya ang dokumentong ito. Kapag nakita mo ang salitang 'kami, namin, amin' (we), ibig sabihin nito ay ang Pamahalaan ng Australya.

Isinulat namin ang dokumentong ito sa isang paraang madaling basahin.

Isinulat namin ang ilang mga salita nang **bold (makapal)**.

Ibig sabihin nito ay ang mga letra ay makakapal at mas maitim.

Ipaliliwanag namin ang ibig sabihin ng mga salitang ito. May listahan ng mga salitang ito sa pahina21.

Ang Easy Read na dokumentong ito ay buod ng isa pang dokumento. Nangangahulugang ito ay naglalaman lamang ng pinakamahahalagang mga ideya.

Makikita mo ang ibang dokumento sa aming website sa

engage.dss.gov.au/nds-stage2-consultation

Maaari kang humingi ng tulong upang basahin ang dokumentong ito. Ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya o tagasuportang tao ay maaaring makatulong sa iyo.

Ano ang nasa dokumentong ito?

Ano ang National Disability Strategy?	3
Bagong Disability Strategy	4
Pakikipag-usap sa komunidad tungkol sa bagong strategy	4
Papel ng aming posisyon	5
Mga ideya mula sa kasalukuyan nating Strategy	5
Mga ideya para sa bagong strategy	7
Pagtingin sa mga saloobin ng komunidad	9
Pagtiyak na alam ng lahat kung ano ang gagawin	10
Mga may kapansanan na nakakakamit ang kanilang mga mithiin	11
Mga plano ng aksyon	13
Pagsasali ng mga tao na may kapansanan	14
Mga tanong tungkol sa iyo	16
Paano mo masasabi sa amin ang iyong mga sagot	20
Listahan ng mga salita	21
Kontakin kami	23

Ano ang National Disability Strategy?

Ang *National Disability Strategy 2010–2020 (Pambansang Istratehiya sa Kapansanan 2010-2020)* ay isang plano upang gawing mas mabuti ang buhay ng mga may kapansanan.

Sa dokumentong ito, tinatawag namin itong 'ang Strategy' (Istratehiya).

Ang Strategy ay nagsasabi kung ano ang ating magagawa upang ang Australya ay gawing:

- **mapagsama**
- **madaling ma-access.**

Kung ang isang bagay ay mapagsama, lahat ay makakalahok.

Kung ang isang bagay ay madaling ma-access, lahat ay makakagamit nito. Ito ay maaaring:

- isang lugar o isang gusali
- transportasyon
- isang serbisyo
- impormasyon
- isang website.

Ang Strategy ay batay sa mga ideya mula sa *United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities (Kapulungan ng mga Bansang Nagkakaisa tungkol sa mga Karapatan ng mga May Kapansanan)* (UN Convention).

Ang UN Convention ang nagtatakda ng mga karapatan ng mga may kapansanan.

Ipinapaliwanag nito kung paano dapat tratuhin nang makatarungan ang mga may kapansanan.

Bagong Disability Strategy

Sa 2020, ang Strategy ay magwawakas.

Marami nang nagbago simula nang umpisahan ang Strategy.

Sa ngayon, mayroon na tayong National Disability Insurance Scheme (NDIS) (Pambansang Paraan ng Seguro para sa May Kapansanan).

Ang NDIS ay nagbibigay ng mga serbisyo at suporta sa maraming tao na may kapansanan.

Maraming mga Australyano ang naapektuhan ng:

- coronavirus (COVID-19)
- 2019-2020 panahon ng bushfire.

Ang mga pamahalaan sa buong Australya ay nagtutulungan upang lumikha ng bagong strategy.

Nais naming malaman kung ano sa palagay ng mga tao ang dapat isali sa bagong strategy.

Alam namin na ang bagong strategy ay dapat:

- sumunod sa sinasabi ng UN Convention
- kilalanin ang mga tagapag-alaga.

Pakikipag-usap sa komunidad tungkol sa bagong strategy

Sinimulan namin noong 2019 na makipag-usap sa mga tao na may kapansanan sa komunidad tungkol sa bagong strategy.

Nais naming malaman kung ano sa palagay ng mga tao ang dapat isali sa bagong strategy.

Ang sasabihin mo sa amin ay tutulong sa aming pagbuo ng bagong strategy.

Papel ng aming posisyon

Sumulat kami ng **papel ng aming posisyon**.

Ang papel ng posisyon ay buod ng maaaring isama sa bagong strategy.

Kabilang sa papel ng aming posisyon ang:

- kung ano ang sinabi sa amin ng sektor ng kapansanan na dapat isama sa bagong strategy
- kung ano ang gumanang mabuti mula sa kasalukuyan nating Strategy
- mga ideya kung paano babaguhin ang mga **saloobin** ng komunidad tungkol sa mga may kapansanan.

Ang mga saloobin ay kung ano ang iyong:

- iniisip
- nadarama
- pinaniniwalaan.

Mga ideya mula sa kasalukuyan nating Strategy

Ang Strategy ay may 6 na ideya upang gawing mas mabuti ang buhay para sa mga may kapansanan.

Ang mga ito ay tinatawag naming **mga bahagi ng kalalabasan**.

Ang 6 na mga bahagi ng kalalabasan ng Strategy ay:

1. Trabaho, salapi at pabahay
2. Paglahok sa komunidad
3. Ang ating mga karapatan sa makatarungang pagtrato at kaligtasan
4. Pagkuha ng suporta
5. Pag-aaral at mga kasanayan
6. Kalusugan at kapakanan

Ang aming pananaw para sa bagong strategy

Mayroon din kaming **pananaw** para sa bagong strategy.

Ang aming pananaw ay kung ano sa aming palagay ang dapat maging anyo ng hinaharap.

Ang aming pananaw ay para ang Australya ay maging isang lugar kung saan ang mga may kapansanan:

- ay kasali
- ay makakapamuhay kung paano nila nais na mamuhay
- ay tinatrato nang kapareho sa ibang mga tao sa komunidad.

Mga tanong upang pag-isipan

Ano ang palagay mo sa 6 na mga bahagi ng kalalabasan?

Ano ang palagay mo tungkol sa aming pananaw?

Pakisulat ang iyong mga sagot sa kahon sa ibaba.

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Mga ideya para sa bagong strategy

Ang aming **gumagabay na mga prinsipyo** ay mahalagang mga ideya na nais naming ilagay sa bagong strategy.

Ang mga ideyang ito ay nagsasabi na tayo ay dapat:

- magsali ng mga may kapansanan
- magkaroon ng mga paraan upang makalahok ang mga may kapansanan
- gamitin ang **universal design (disenyong panlahat)**.

Ang Universal Design ay nangangahulugan na pag-iisipan natin ang mga kinakailangan ng bawat isa kapag tayo ay nagpaplano o nagsisimula ng bagong mga proyekto at mga serbisyo.

Dapat nating alisin ang mga hadlang na kinakaharap ng mga may kapansanan.

Dapat nating isali ang mas malawak na komunidad sa ating ginagawa.

Dapat nating tulungan ang mga tao na sumusuporta at nangangalaga sa mga may kapansanan, katulad ng:

- mga miyembro ng pamilya
- mga tagapag-alaga
- mga tagasuportang manggagawa
- mga tagapagbigay ng serbisyo.

Mga tanong upang pag-isipan

Ano ang palagay mo sa aming gumagabay na mga prinsipyo?

May iba pa bang mahalagang mga ideya na dapat naming isali sa bagong strategy?

Paano namin matitiyak na sumusunod ang lahat sa aming gumagabay na mga prinsipyo?

Pakisulat ang iyong mga sagot sa kahon sa ibaba.

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Pagtingin sa mga saloobin ng komunidad

Ang mga saloobin ng komunidad ay maaaring pumigil sa mga may kapansanan na makamit ang kanilang mga mithiin.

Kabilang dito ang mga mithiin nila na:

- pumasok sa paaralan at matuto
- magtrabaho at kumita ng pera
- lumahok sa komunidad.

Sinabi sa amin ng mga may kapansanan na ang mga saloobin ng komunidad ang 1 sa pinakamalaking hadlang na kanilang kinakaharap kapag tinatangka nilang abutin ang kanilang mga mithiin.

Mga tanong upang pag-isipan

Dapat ba nating gawing isang mahalagang layunin ang baguhin ang mga saloobin ng komunidad para sa strategy?

Dapat ba nating isali ang mga ideya tungkol sa pagbabago ng mga saloobin ng komunidad sa bagong strategy?

Pakisulat ang iyong mga sagot sa kahon sa ibaba.

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Pagtiyak na alam ng lahat kung ano ang gagawin

Ang bagong strategy ay dapat maging malinaw upang alam ng lahat kung ano ang dapat nilang gawin.

Kabilang dito ang:

- ang mga pamahalaan
- ang sektor ng kapansanan
- ang mas malawak na komunidad.

Malinaw na ipapaliwanag ng bagong strategy:

- kung ano ang dapat gawin ng mga pamahalaan
- kung paano masusuportahan ng mga pamahalaan ang mga may kapansanan
- kung paano makikilahok ang mga pamahalaan sa pangangasiwa ng mga serbisyo para sa mga may kapansanan
- kung ano ang dapat gawin ng sektor ng kapansanan
- kung ano ang dapat gawin ng komunidad.

Mga tanong upang pag-isipan

Sa palagay mo ba ang mga pamahalaan, mga organisasyon at ang komunidad ay nagtutulungang mabuti upang gawing mas mainam ang buhay para sa mga may kapansanan?

Ano ang dapat isali sa bagong strategy upang ipakita kung paano magagawang mas mabuti ng sektor ng kapansanan at ng mas malawak na komunidad ang buhay para sa mga may kapansanan?

Pakisulat ang iyong mga sagot sa kahon sa ibaba.

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Mga may kapansanan na nakakakamit ang kanilang mga mithiin

Ang mga may kapansanan ay nagtatakda ng mga mithiin sa maraming bahagi ng kanilang buhay.

Alam namin na ang strategy ay gumagana kung nakakamit ng mga may kapansanan ang kanilang mga mithiin.

Nais naming magsali ng isang **balangkas ng kalalabasan (outcomes framework)** sa bagong strategy.

Ang balangkas ng kalalabasan ay isang paraan ng pagsubaybay:

- kung nakamit ng mga may kapansanan ang kanilang mga mithiin
- kung paano namin malalaman na nakamit na ng mga may kapansanan ang kanilang mga mithiin
- sa mga pagbabago sa paglipas ng panahon.

Halimbawa, ilang mga may kapansanan ang nakakamit ng kanilang mga mithiin na:

- makakita ng trabaho
- kumita ng sarili nilang pera.

Maaari naming gamitin ang balangkas ng kalalabasan upang tulungan kaming magsulat ng mga report.

Maaaring nakasaad sa aming mga report kung ang mga bagay ay mas bumubuti o hindi bumubuti para sa mga may kapansanan.

Maaari ring nakasaad sa aming mga report ang tungkol sa:

- kung gaano kagaling ang paggana ng bagong strategy
- mga bahagi na kailangan pang ayusin.

Mga tanong upang pag-isipan

Ano ang dapat naming isulat sa aming mga report?

Sa palagay mo, gaano kadalas dapat kaming:

- magsulat ng aming mga report, halimbawa, bawat isa o dalawang taon?
- magbahagi ng aming mga report sa komunidad?

Pakisulat ang iyong mga sagot sa kahon sa ibaba.

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Mga plano ng aksyon

Maaari kaming magsulat ng mga plano ng aksyon upang tulungan:

- ang mga pamahalaan
- ang sektor ng kapansanan
- ang mas malawak na komunidad.

Ang aming mga plano ng aksyon ay makatutulong:

- sa lahat upang maunawaan kung ano talaga ang dapat nilang gawin
- sa bagong strategy na makagawa ng malaking pagbabago sa buhay ng mga may kapansanan.

Ang aming mga plano ng aksyon ay makapagsasabi tungkol sa:

- kung ano ang aming gagawin upang maging mas mabuti ang mga bagay
- kung gaano katagal bago magawang mas mabuti ang mga bagay.

Mga tanong upang pag-isipan

Ano ang palagay mo tungkol sa mga plano ng aksyon?

Dapat ba naming isali ang mga plano ng aksyon sa bagong strategy?

Pakisulat ang iyong mga sagot sa kahon sa ibaba.

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Pagsasali ng mga tao na may kapansanan

Nais naming magsulat ng isang plano na magsasabi kung paano maisasali ang mga may kapansanan sa pagtiyak na gumagana ang strategy.

Mga tanong upang pag-isipan

Paano namin maisasali ang mga may kapansanan sa pagtiyak na gumagana ang bagong strategy?

Paano namin maisasali ang sektor ng kapansanan sa pagtiyak na gumagana ang bagong strategy?

Pakisulat ang iyong mga sagot sa kahon sa ibaba.

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Iba pang mga bagay na dapat pag-isipan

May iba ka pa bang mga opinyon o mga ideya kung ano ang maaaring isali sa bagong strategy?

Pakisulat ang iyong mga opinyon o mga ideya sa kahon sa ibaba.

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Mga tanong tungkol sa iyo

Sinasagot mo ba ang aming mga tanong:

- para sa sarili mo lamang?
- para sa isang organisasyon?

Kung sinasagot mo ang aming mga tanong para sa isang organisasyon, mangyaring sabihin sa amin kung alin: I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Alin sa mga pangungusap na ito ang tama tungkol sa iyo?

- Ako ay isang tao na may kapansanan.
- Ako ay magulang o guardian ng isang tao na may kapansanan.
- Ako ay miyembro ng pamilya ng isang tao na may kapansanan.
- Ako ay tagapag-alaga ng isang may kapansanan.
- Ako ay isang tagasuportang manggagawa.
- Ako ay nakikipagtulungan sa mga may kapansanan.
- Ako ay isang tagataguyod ng mga may kapansanan.
- Ako ay nagtatrabaho sa isang organisasyon para sa mga may kapansanan o isang tagapagbigay ng serbisyo.
- Ako ay nag-eempleyo ng mga tao na may kapansanan.
- Ako ay may-ari ng isang negosyo.
- Ako ay isang manggagawa sa pangkalusugang pangangalaga.
- Ako ay nag-aaral o nagtatrabaho sa isang unibersidad.

- Ako ay nagtatrabaho para sa isang pamahalaan, gaya ng:
- Pamahalaan ng Australya
 - isang pamahalaang estado o teritoryo
 - isang lokal na pamahalaan.

Iba pa, mangyaring sabihin sa amin:

I-click o i-tap dito upang magsulat ng teksto.

Saang estado o teritoryo ka naninirahan?

- Australian Capital Territory
- New South Wales
- Northern Territory
- Queensland
- South Australia
- Tasmania
- Victoria
- Western Australia
- Hindi ako naninirahan sa Australya
- Hindi ko gustong sabihin

Saang klase ng lugar ka naninirahan?

- Isang kapitolyo ng lungsod
- Isang malaking lungsod o bayan
- Isang maliit na bayan o isang pook na malayo sa malaking lungsod o bayan
- Hindi ko gustong sabihin

Ikaw ba ay bahagi ng isang komunidad ng Aborihinal o Torres Strait Islander?

- Oo
- Hindi
- Hindi ko gustong sabihin

Ikaw ba ay mula sa ibang **kultura**?

Ang iyong kultura ay:

- ang iyong paraan ng pamumuhay
- ang iyong paraan ng pag-iisip o pagkilos dahil sa paraan kung paano ka pinalaki.

- Oo
- Hindi
- Hindi ko gustong sabihin

Nagsasalita ka ba ng wikang hindi Ingles sa kadalasan?

- Oo
- Hindi
- Hindi ko gustong sabihin

Ikaw ba ay bahagi ng komunidad ng Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer or Questioning, Intersex (LGBTQI+)?

- Oo
- Hindi
- Hindi ko gustong sabihin

Paano mo masasabi sa amin ang iyong mga sagot

Maaari mong sagutin ang aming mga sagot nang pasulat.

Maaari mong ipadala sa amin ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng koreo.

National Disability Strategy Governance and Engagement Section

GPO Box 9820 Department of Social Services Canberra, ACT 2601

Maaari kang pumunta sa aming website at sagutin ang aming mga tanong.

Website: www.engage.dss.gov.au

Maaari kang gumawa ng audio recording ng iyong mga sagot.

Maaari kang gumawa ng video recording ng iyong mga sagot.

Maaari kang pumunta sa aming website at i-upload ang iyong:

- audio recording
- video recording.

Kailangan mong ipadala sa amin ang iyong mga sagot bago dumating ang 30 Setyembre 2020.

Maaari naming ibahagi ang iyong mga sagot sa aming website.

Dapat mong sabihin sa amin kung ayaw mong ibahagi ang iyong mga sagot.

Listahan ng mga salita

Madaling ma-access

Kung ang isang bagay ay madaling ma-access, lahat ay makakagamit nito.

Ito ay maaaring:

- isang lugar o isang gusali
- transportasyon
- isang serbisyo
- impormasyon
- isang website.

Tagataguyod

Isang tao na sumusuporta sa iyo. Tumutulong sila sa iyo upang masabi mo ang nais mong sabihin. Makapagbibigay din sila sa iyo ng impormasyon at payo.

Mga saloobin

Ang mga saloobin ay kung ano ang iyong:

- iniisip
- nadarama
- pinaniniwalaan.

Gumagabay na mga prinsipyo

Ang aming gumagabay na mga prinsipyo ay mahahalagang mga ideya na nais naming isali sa bagong strategy.

Mapagsama

Kung ang isang bagay ay mapagsama, lahat ay makakalahok.

Mga bahagi ng kalalabasan

Ang Strategy ay may 6 na ideya upang gawing mas mabuti ang buhay para sa mga may kapansanan.

Tinatawag namin itong mga bahagi ng kalalabasan.

Balangkas ng mga kalalabasan

Ang balangkas ng kalalabasan ay isang paraan ng pagsubaybay:

- kung nakamit na ng mga may kapansanan ang kanilang mga mithiin
- kung paano namin malalaman na nakamit na ng mga may kapansanan ang kanilang mga mithiin
- sa mga pagbabago sa paglipas ng panahon.

Papel ng posisyon

Ang papel ng posisyon ay buod ng maaaring isama sa bagong strategy.

Universal Design (Disenyong Panlahat)

Ang Universal Design ay nangangahulugan na pag-iisipan natin ang mga kinakailangan ng bawat isa kapag tayo ay nagpaplano o nagsisimula ng bagong mga proyekto at mga serbisyo.

Pananaw

Ang aming pananaw ay kung ano ang gusto naming pagbutihin ng bagong Strategy sa hinaharap.

Kontakin kami

1800 334 505

Maaari mo ring tawagan ang National Relay Service.

Mga gumagamit ng TTY: **1800 555 677**

Telepono: **13 36 77**

Email: **disabilityreform@dss.gov.au**

Website: **www.engage.dss.gov.au**

Ang Information Access Group ang lumikha ng teksto lamang na Easy Read na papel-kaalamang ito. Para sa anumang mga tanong, mangyaring bumisita sa **www.informationaccessgroup.com**.

Banggitin ang numero ng gawain na 3436-A.